Girl Scouts

MGA KATOTOHANAN

TUNGKOL SA

GIRL SCOUTS OF THE USA

Sino Kami

Ang Girl Scouts of the USA ay ang pinaka-tanyag na organisasyon sa mundo na para sa mga babae lamang – lahat ng mga babae – kung saan sa isang positibo at nag-aalagang kapaligiran, pinahuhusay ng mga babae ang katangian at mga kasanayan upang magtagumpay sa mundo. Sa kusang-loob na tulong ng mga maasikasong taong nasa edad na, nadidebelop ng mga babae ang mga kalidad na magsisilbi sa kanila sa buong buhay nila, tulad ng pamumuno, mahigpit na mga pinahahalagahan, pag-iisip tungkol sa pangkalahatang pangangailangan ng lipunan (social consciousness), at paniniwala sa kanilang sariling kakayahan at halaga ng sarili.

Ngayon ay may 3.8 milyong Girl Scouts–2.9 milyong bata at 986,000 babaeng kasaping may edad na. Inayos ni Juliette Gordon Low, ang nagtatag nito, ang unang grupo ng Girl Scouts noong ika-12 ng Marso 1912, sa Savannah, Georgia. Ang Girl Scouts of the USA ay binigyan ng charter ng Kongreso ng Estados Unidos noong ika-16 ng Marso 1950. Sa pagiging kasapi sa World Association of Girl Guides and Girl Scouts, ang GSUSA ay bahagi ng pamilya sa buong mundo ng 8.5 milyong mga bata at mga may edad na babae sa 144 bayan.

Ano ang Ginagawa Namin

Sa Girl Scouts, natutuklasan ng mga babae ang kasiyahan, pakikipagkaibigan, at lakas ng pagsasama ng mga babae. Sa pamamagitan ng iba't-ibang mga nakauunlad na karanasan, tulad ng naiibang mga field trip, mga klinika na pampahusay sa isport, mga proyekto ng serbisyo sa komunidad, at pagiging aktibo upang protektahan ang kapaligiran (environmental stewardships), lumalaki ang mga babae nang may lakas-loob at kalakasan. Ang pagiging Girl Scout ay nakakatulong sa mga babaeng magdibelop ng kanilang buong sariling potensyal; makipag-ugnayan sa iba nang may mas mahusay na pag-unawa, kasanayan, at galang; magdibelop ng mga pinahahalagahan upang patnubayan ang kanilang mga aksyon at bigyan ng pondasyon ang mahusay na pagpapasiya; at makipagtulungan sa pagpapabuti ng lipunan sa pamamagitan ng kanilang mga kakayahan, kahusayan sa pamumuno, at kooperasyon sa iba.

Ang Aming Istruktura

Ang Girl Scouting ay bukas para sa lahat ng mga babae mula 5-17. Lumalahok ang mga babae sa pamamagitan ng higit pa sa 236,000 pangkat at mga grupo sa Estados Unidos at sa halos 90 bansa sa pamamagitan ng Girl Scouts Overseas. Sa pamamagitan ng higit pa sa 300 na panlokal na Girl Scout council (samahan), may pagkakataong maging kasapi ng Girl Scout sa halos lahat ng sulok ng Estados Unidos. Mahigit pa sa 50 milyong babae sa Estados Unidos ang nabigyang-kasiyahan sa pagiging Girl Scout nang sila'y bata pa. Ang Daisy Girl Scouts ay 5-6 taong gulang, ang Brownie Girl Scouts ay 6-8 taong gulang, at ang Junior Girl Scouts ay 8-11 taong gulang. Ang mga babaeng 11-17 taong gulang ay maaring lumahok sa pamamagitan ng bagong STUDIO 2B$_{SM}$.

Humigit-kumulang sa 99 porsyento ng lahat ng mga may edad na sa Girl Scouts ay kusang-loob na tumutulong. Ang mga babae't lalaking interesadong tumulong nang kusang-loob sa iba't-ibang kapasidad ay inaayang kontakin ang Girl Scouts council sa kanilang lugar.

National Honorary President (Pambansang Pandangal na Pangulo)
Ginang Laura Bush

Chair, National Board of Directors (Tagapangulo, Pambansang Lupon ng mga Patunugot)
Cynthia B. Thompson

Chief Executive Officer (Pinunong Tagapamahala)
Kathy Cloninger

Ang Pangako ng Girl Scout

Sa aking karangalan, gagampanan ko ang aking tungkulin:

Sa Diyos at sa aking bayan,

Tutulungan ko ang aking kapwa sa

lahat ng pagkakataon,

At isasabuhay ko ang Batas ng Girl Scout.

Ang Batas ng Girl Scout

Gagawin ko ang aking pinaka-makakaya upang maging

matapat at makatarungan,

magiliw at matulungin,

maunawain at mapagmalasakit,

matapang at malakas, at

may-pananagutan sa aking sasabihin at gagawin,

at upang

igalang ang aking sarili at ang iba,

igalang ang may kapangyarihan,

gamitin ang likás na yaman nang may dunong,

gawing mas maiging lugar ang mundo,

at maging kapatid sa bawat Girl Scout.

Pambansang Punong-Tanggapan ng Girl Scouts
Girl Scout National Headquarters
420 Fifth Avenue
New York, NY 10018-2798
1-800-GSUSA4U (478-7248)
www.girlscouts.org

Communications and Marketing
June 2004